Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-10 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 180-2020**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPAGLAAN NG KAUKULANG PONDO PARA SA PAGBILI NG BODY CAMERA (BODYCAM) AT MOTORCYCLE PARA SA MGA TRAFFIC ENFORCERS NG LUNGSOD NG MALOLOS UPANG MAPALAKAS ANG PAGPAPATUPAD NG BATAS TRAPIKO SA LUNGSOD.**

**AKDA NI: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagpapatupad ng mga umiiral na batas trapiko ito man ay sa bisa ng Pambansang batas, Panlalawigang Kautusan o Kautusang Panlungsod gaya ng *No Helmet No Ride, Anti-Distracted Driving Act, Anti Jay-Walking, Illegal Parking, Anti-Colorrum Campaign, Driving without license, Overloading* at iba pa;

**SAPAGKAT,** ang disiplina sa lansangan ng mga motorista o tsuper mapa-pribado man o pampublikong ssasakyan ay kasiguraduhan ng kaligtasan ng mga mamamayan lalo na ang mga kabataang tumatawid sa mga kalye sa kalunsuran;

**SAPAGKAT,** ang mga traffic enforcers ay may mahalagang ginagampanang bahagi sa pagpapatupad nito sa pamamagitan ng kanilang dedikasyon sa tungkulin na una, ayusin ang daloy ng trapiko at pangalawa, hulihin ang mga lumalabag sa batas trapiko;

**SAPAGKAT,** may mga tala o datos na ang mga traffic enforcers ay nasisindak o dili kaya'y nasasaktan o naa-agrabyado ng mga abusado o walang disiplinang motorista at may mga pagkakataon ding sa dulo ay nababaligtad ang mga pangyayari at nababalikan ang mga traffic enforcers gayundin naman sa panig ng mga motorista;

**SAPAGKAT,** malaking tulong ang mga ***Body Camera*** na ilalagay sa kani-kanilang mga uniporme upang maitala ang mga pangyayari at maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng ***Republic Act No. 7160*** o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991 na ang mga pamahalaang lokal ay marapat lamang na magbalangkas ng mga polisiya at proramang magsusulong ng kagalingang panlipunan;

Sa mungkahi ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na magalang na hinihiling sa mabunying Tanggapan ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na malagyan ng kaukulang pondo ang pagbili ng mga Body Camera at Motorcycle para sa ating mga Traffic Enforcers.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08102020